



## 1

## PATAS NA LINGGO NG TRABAHO

### NANGANGAILANGAN NG MGA MAHUHULAANG ISKEDYUL AT BAYAD PARA SA MGA PAGBABAGO SA ISKEDYUL (MCC 6-110)

Dapat magbigay ang mga Employer sa mga Manggagawa ng nakasulat na tantya ng mga araw at oras ng trabaho bago o sa oras ng pagkakapasok sa trabaho

Dapat ipaskil ng mga Employer ang mga Iskedyul ng Trabaho nang may hindi bababa sa 14 araw na abiso

Kapag gumagawa ang mga Employer ng mga pagbabago sa Iskedyul ng Trabaho nang mas mababa sa 14 na araw bago magsimula ang Iskedyul ng Trabaho

Nagbabawas ng mga oras	Dapat makatanggap ang mga Manggagawa ng isang oras na karagdagang suweldo para sa bawat naapektuhang oras ng trabaho
Nagdaragdag ng mga oras	
Nagbabago ng mga oras ng trabaho nang walang nababawas na oras	

Kapag gumagawa ang mga Employer ng mga pagbabago sa isang oras ng trabaho nang mas mababa sa 24 na oras bago magsimula ang oras ng trabaho

Nagbabawas ng mga oras	Dapat matanggap ng mga Manggagawa ang 50% ng kanilang suweldo para sa mga nawalang oras
Nagdaragdag ng mga oras	Dapat makatanggap ang mga Manggagawa ng isang oras na karagdagang suweldo para sa bawat naapektuhang oras ng trabaho
Nagbabago ng mga oras ng trabaho nang walang nababawas na oras	

Maaaring tanggihan ng mga Manggagawa ang mga oras na nagaganap nang mas mababa sa 10 oras bago ang pagtatapos ng oras ng trabaho ng nakaraang araw

Dapat bayaran ang mga Manggagawa nang 1.25 beses ng regular na suweldo para sa anumang oras ng trabaho na nagsisimula nang mas mababa sa 10 oras bago ang pagtatapos ng oras ng trabaho ng nakaraang araw

### SINO ANG SAKOP NG ORDINANSA SA PATAS NA LINGGO NG TRABAHO?

**Mga Empleyado** na nagtatrabaho ng karamihan sa oras ay sa Chicago, sa isang sakop na industriya at kumikita ng \$61,149.35 kada taon (sahod) o \$31.85 kada oras (bawat oras) o mas mababa. Kasama rito ang mga pansamantalang manggagawa na nasa tungkulin nang 420 oras sa loob ng 18 buwang panahon.

**Mga Employer** na pangunahing nakikibahagi sa isang sakop na industriya (mga serbisyong panggusali, pangangalagang pangkalusugan, hotel, pagmamanupaktura, restaurant, retail, o mga serbisyo ng warehouse) na nagpapatrabaho ng 100 o higit pang empleyado (250 para sa mga not for profit), nang hindi bababa sa 50 sa kanila ay sakop ng Ordinansa. Ang mga nag-franchise na may higit sa 3 lokasyon ay maaaring maging mga Employer.



## MAGHAIN NG REKLAMO

Tumawag sa 311, gamitin ang CHI 311 app, o maghain ng Form ng Reklamo sa [Chicago.gov/LaborStandards](https://chicago.gov/LaborStandards)

Ang Paunawa na ito ay dapat na mai-ipon sa isang nakikitang lugar sa lugar ng trabaho at ibigay sa unang suweldo ng bawat sakop na empleyado. Bawal ang paghihiganti. Ang abiso ay epektibo sa Hulyo 1, 2024. Huling na-update noong Mayo 31, 2024

